




MALAY

TOMO XXXIII BLG. 2 • HUNYO 2021

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

Halaga ng Taunang Subskripsyon: Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US\$40 (surface mail), US\$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US\$25 (surface mail), US\$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,500/Isahan: PhP1,300. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castaños* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Karapatang-ari © 2021 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published by De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, Manila 0922 Philippines
Telefax: (63 2) 8523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Websites: <http://www.dlsu.edu.ph/offices/publishing-house/default.asp>
<http://www.ejournals.ph>

*Ang De La Salle University Publishing House
ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Mga Patnugot

Florentino T. Timbreza

Punong Patnugot

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Rowell D. Madula

Ko-Editor

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Dolores R. Taylan

Tagapamahalang Editor

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg

Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

JC Gaillard

The University of Auckland, New Zealand

Aurelio Agcaoili

University of Hawaii, USA

Roberto Javier

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Satoshi Ara

Fukushima University, Japan

Bievenido Lumbera

Unibersidad ng Pilipinas

Joi Barrios-Leblanc

University of California, Berkeley, USA

Jovy Peregrino

Busan University of Foreign Studies, South Korea

Aurora Batnag

*Pambansang Samahan sa Linggwistika at
Literaturang Filipino*

Epifanio San Juan Jr.

*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut,
USA*

Pamela Constantino

Unibersidad ng Pilipinas

Rolando Tolentino

Unibersidad ng Pilipinas

Antonio Contreras

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Tereso Tullao

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Rommel Curaming

University of Brunei Darussalam, Brunei

Nelson Turgo

Cardiff University, United Kingdom

Feorillo Petronilo Demeterio

Pamantasang De La Salle, Pilipinas



MALAY

Mga Nilalaman

MULA SA EDITOR

Florentino T. Timbreza
Rowell D. Madula

vii

MGA NATATANGING LATHALAIN

Digital na Ebanghelisasyon: Isang Panimulang Pag-aaral sa Kasalukuyang Sitwasyon ng
Social Communication Ministry ng Arkidiyosesis ng Maynila at Diyosesis ng Cubao /
*Digital Evangelization: An Initial Study of the Current Situation of the Social Communication
Ministry of the Archdiocese of Manila and Diocese of Cubao*

Gian Carlo Alcantara

1

Kategorya at Gamit ng mga Saliksik sa Antas Gradwado sa Piling Unibersidad sa Rehiyong Bikol:
Gabay sa Pagbuo ng Panukalang Gawaing Pang-Ekstensiyon sa Filipino /
*Category and Use of Graduate Research in Selected State Universities in the Bicol Region:
Guide in the Development of Proposed Extension Activity in Filipino*

Jaime T. Amante Jr.

Jovert R. Balunsay

Susan M. Tindugan

18

Subersibong Potensiyal ng Makina ng Pagsasalin: Google Translate at Tula ni Carlos Bulosan /
The Subversive Potential of Machine Translators: Google Translate and a Carlos Bulosan Poem

Michael Francis C. Andrada

29

Rehistro ng Wika ng mga Camarero sa Lungsod ng Makati /
Language Registers of Camareros of Makati City

Marianne C. Ortiz

Alvin M. Ortiz

46

Si Mara, si Tara, at si Vhaya: Tatlong Case Study tungkol sa Batangueňang E-trepreneurship Gamit bilang Lente ang Modipikadong Teorya ng mga Kapital ni Pierre Bourdieu / <i>Mara, Tara, and Vhaya: Case Studies on Batangueña E-trepreneurship Using Pierre Bourdieu's Modified Theory of Capitals</i> Analiza D. Resurreccion F.P.A. Demeterio III	58
Makabayang Pedagoghiya: Pagdalumat, Proseso, at Output <i>Nationalist Pedagogy: Analysis, Process, Output</i> Voltaire M. Villanueva	74
MGA KONTRIBYUTOR	91
PANAWAGAN PARA SA KONTRIBUSYON SA MALAY	95

Mula sa Editor

Buwan ng Setyembre, taong 1981 nang lumabas ang unang isyu ng *Malay*.

Bilang bahagi ng pagsusulong ng Pilipinisasyon, hindi lamang sa pamantasang De La Salle, kundi maging sa buong bansa, tumutugon ang paglilimbag ng *Malay* sa pangangailangang itampok ang mga artikulo at sanaysay na mula sa iba't ibang disiplina na nakasulat sa wikang P/Filipino.

Ang unang isyu ay pinamatnugutan ni Nicanor Tiongson kasama ang mga bumubo ng Lupon ng mga Patnugot na sina Elmer Abueg, Basilio Balajadia, Eduardo Deveza, Jesus Marco, Emerita Quito, at Socorro Reyes.

Sa kaniyang panimula, binanggit ni Tiongson ang apat na pangunahing layunin nang paglalabas ng *Malay*:

1. Pagtutuunan nito ng pansin ang pananaliksik sa sining, agham at pati na mga propesyon sa Pilipinas
2. Pagdudumiin ng *Malay*, di lamang ang ibayong pananaliksik sa iba't ibang aspekto ng lipunang Pilipino, kundi lalo't higit, ang pananaw o kamalayang maka-Pilipino, sa pagsusuri ng mga datos na nalikom ng mananaliksik
3. Isusulat, ililimbag, at palalaganapin ng *Malay* ang iskolarsyip sa wikang Pilipino.
4. Maglalathala ang *Malay* ng mga artikulo, panunuring-aklat, at mga salin na pawang magagamit na teksto o babasahin sa mga klase sa DLSU. (iv-v)

Apat na dekada ang nakalipas, patuloy pa rin ang *Malay* sa pagtataguyod ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino, sa pagpapatingkad ng kahalagahan ng pananaliksik sa ating pagka-Pilipino, sa ating lipunan, sa iba't ibang larang at disiplina gamit ang wikang Filipino, at sa pagsusulong ng maka-Pilipinong pagsusuri at pananaliksik. Pinaninindigan ng *Malay* ang tunguhin nitong gawing makabuluhan ang pananaliksik sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

Sa unang isyu ng *Malay*, makikita ang mga artikulong isinulat ng mga iginagalang at kinikilalang kritiko at manunulat sa Araling Pilipinas, mula noon hanggang sa ngayon. Para sa mga kritikal na papel, nariryan ang artikulo ni Teaodoro Agoncillo na pinamagatang “Ang Huling Tagubilin,” ang artikulo ni E. Arsenio Manuel na “Ang Tradisyong Pasaysay ng mga Manuvu: Mga Kuwentong-Bayan,” at ang artikulong “Si Kant at ang Pilosopiya sa Pilipinas” ni Romualdo E. Abulad.

Mababasa rin sa isyung ito ang mga panunuring aklat nina J. Prospero de Vera na pinamagatang “Tungo sa Isang Kasaysayang Maka-Pilipino” at ni Jose Javier Reyes na pinamagatang “Ang Dula’y Para sa Entablado.” Mababasa rin dito ang pagsasalin ni Herminia Reyes sa akda ni Jean-Paul Sartre na pinamagatang “Ang Eksistensyalismo ay Isang Humanismo.” Pinasimulan ng mga artikulong ito ang mayamang tradisyon ng pananaliksik at pagsulat ng mga makabuluhang artikulo’t sanaysay sa akademikong journal na *Malay*.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, muli nating itinatampok ang iba't ibang pananaliksik na nakatuon sa mga disiplina at erya ng pag-aaral sa Araling Pilipinas.

Sa artikulo ni Gian Carlo Alcantara, sinuri ang digital na ebanghelisasyon ng Social Communication Ministry (SOCCOM) ng Simbahang Katolika sa Arkidiyosis ng Maynila at Diyosesis ng Cubao. Sa panahon ng pandemya, maging ang mga institusyong pampananampalataya ay nagsawaga ng mga pagbabago ng kanilang pakikipag-ugnayan sa mga deboto at sa kanilang mga gawain. Makatutulong ang papel na ito sa iba pang grupo at institusyon dahil binibigyan tayo nito ng pag-unawa sa kung anong new media platform ang ginagamit ngayon ng SOCCOM at kung paano nila tinutugunan ang mga hamon sa panahong ito lalo pa't natuklasan na mayroon na silang balangkas na ginagamit na magsisilbing gabay sa mga parokyang hindi pa nakakapagsimula ng kanilang digital na ebanghelisasyon.

Nakatuon naman ang artikulo nina Jaime T. Amante, Jovert R. Balunsay, at Susan M. Tindugan sa pagsusuring pangnilalaman ng mga pananaliksik na ipinasa ng mga mag-aaral sa mga gradwadong programa sa Filipino sa mga pampamahalaang unibersidad at kolehiyo sa rehiyon ng Bicol. Sa papel na ito, nagkakaroon tayo ng pagkakataong makita ang mayamang mga pag-aaral na naisagawa na sa rehiyong ito na nagbibigay ng ideya sa direksiyon ng iba pang pananaliksik sa hinaharap. Ang dayagram na binalangkas ng mga mananaliksik na nagpapakita ng siklo ng pananaliksik ay maaaring magamit bilang batayan ng gawaing pang-ekstensiyon ng mga guro at mananaliksik sa mga nasabing paaralan.

Samantala, tinutukan naman ng paep ni Michael Francis Andrada ang penomenon ng mga machine translator partikular ang Google translate na ginagamit ng maraming mag-aaral at maging guro sa kanilang pagkatuto't pagtuturo. Bagamat marami ang nagpapaalala sa kawalan ng katiyakan sa kawastuan ng salin ng makinang ito, inilantad ni Andrada ang potensiyal nito para maging espasyo ng subersiyon. Sa pagsasaling isinagawa ng Google translate sa isang tula ng makabayang manunulat na si Carlos Bulosan, nakita ang posibilidad ng isang anti-imperyalistang proyekto sa pagsasalin.

Malaking ambag naman sa intelektuwalisasyon ng wika ang pag-aaral na isinagawa nina Marianne C. Ortiz at Alvin M. Ortiz na pumapaksa sa rehistro ng wika ng mga camarero sa lungsod ng Makati. Ang camarero ay ang mga taong nagmamay-ari at nangangalaga ng mga replika o rebulto ng mga santo na kabilang sa kuwento ng pagpapakasakit ni Hesukristo. Sa pamamagitan ng pangangalap ng mga terminolohiyang ginagamit ng mga camarero, nagkakaroon tayo ng pag-unawa maging sa kulturang kakabit ng kanilang mga gawain. Sa mga prusisyon at iba pang relihiyosong pagdiriwang sa iba't ibang bahagi ng bansa, maging sa isang mayaman at modernong lungsod tulad ng Makati, ang mga camarerong ito kasama ang kanilang mga rebulto'y malaki ang papel na ginagampanan sa pagtatanghal ng pananampalataya ng mga Pilipino.

Inilapat naman nina Analiza D. Resurreccion at Feorillo Demeterio ang teorya ng mga kapital ni Pierre Bourdieu sa kanilang papel ukol sa tatlong case study ng mga Batangueñang e-trepreneur. Gamit ang konsepto ng apat na kapital ni Bourdieu na pang-ekonomiko, kultural, simbolik, at panlipunan, dagdag pa ang tinatawag nilang emosyonal na kapital, sinuri nila kung paano hinubog ng mga nasabing kapital ang e-terprise ng tatlong Batangueña, at gayundin, kung paano nila hinubog ang mga nasabing kapital na mayroon sila. Ang pag-aaral na ito ay ipinakikita ang isang interdisiplinaryong pag-aaral na tumatalakay sa iba't ibang usapin tulad ng kasarian, identidad, negosyo, kultural, at iba pang kaugnay.

Inilahad naman sa papel ni Voltaire Villanueva kung paano maaaring tugunan ang pangangailangan sa isang makabayang edukasyon sa panahong ito. Sa pagdalumat niya sa iba't ibang ugnayan na mayroon sa isang edukasyonal na konteksto partikular sa tatlong umiiral na bgong kurso sa Filipino bunsod ng mga pagbabago sa sistema ng edukasyon sa bansa nitong nakalipas na taon, nakita niya ang espasyong maaaring lapatan ng isang makabayang pedagohiya at pagkatuto. Sa huli, binibigyang-diin ni Villanueva ang mahalagang papel ng lahat ng mga miyembro ng mga institusyong pang-edukasyon sa pagtataguyod at pagsusulong ng edukasyong maka-Pilipino at makabayan.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, higit na napatutunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay ng wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakuhan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bilang pangwakas ay muli’t muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga’t pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu—si Bb. Joanne Castañares.

Florentino T. Timbreza

Rowell D. Madula

